


# Araling Panlipunan

## Ikalawang Markahan – Modyul 3: Mga Hamong Pangkabuhayan; sa Tugon ng Pamahalaan ay Mapagtatagumpayan



**Araling Panlipunan – Ikaapat na Baitang  
Alternative Delivery Mode**

**Ikalawang Markahan – Modyul 3: Mga Hamong Pangkabuhayan; sa Tugon ng  
Pamahalaan ay Mapagtatagumpayan  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

<b>Manunulat:</b>	Jason H. Hadap
<b>Editor:</b>	Ma. Leilani R. Lorico, Mary Roselyn Berja
<b>Tagasuri:</b>	Ana N. Calisura, Jerry P. Ramirez
<b>Tagaguhit:</b>	
<b>Tagalapat:</b>	Edsel D. Doctama, John Paul T. Dacillo
<b>Tagapamahala:</b>	Gilbert T. Sadsad : Regional Director
	Francisco B. Bulalacao Jr. : CLMD Chief
	Grace U. Rabelas : Regional EPS In-Charge of LRMS
	Ma. Leilani R. Lorico : Regional ADM Coordinator
	Marites B. Tongco : Division EPS In-Charge of LRMS

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City

Telefax: 09171781288

E-mail Address: region5@deped.gov.ph

# **Araling Panlipunan**

## **Ikalawang Markahan – Modyul 3: Mga Hamong Pangkabuhayan; sa Tugon ng Pamahalaan ay Mapagtatagumpayan**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na it ay may inilaang Gabay sa Guro/ Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalaala, pantulong o estratihyang magagamit ng mga magulang o kung simumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mga mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat Gawain at pagsusulit. Inaasahan naming na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat din ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makakaranas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mga mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## ***Alamin***

Sa nakaraang aralin, napag-alaman mo ang kahalagahan ng pangangasiwa at pangangalaga ng mga likas na yaman ng ating bansa na nagsisilbing gabay sa atin upang mapangalagaan ng maayos ang ating likas na yaman.

Ngayon naman, ay mapag-aaralan mo ang mga hamon at oportunidad sa kabuhayan ng mga tao sa bansa.

### **Pamantayang Pangnilalaman**

Naipamamalas ang pang-unawa sa mga hamong pangkabuhayan sa bansa at ang tugon ng pamahalaan sa paglutas nito.

### **Pamantayang sa Pagganap**

Ang mag-aaral ay matutukoy ang mga hamon ng mga gawaing pangkabuhayan at oportunidad na kaugnay nito.

### **Pamantayan sa Pagkatuto**

Pagkatapos mong basahin ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

Natatalakay ang mga hamon at pagtugon sa mga gawaing pangkabuhayan sa bansa.



Ano ang mga hamong pangkabuhayan na kinakaharap ng ating bansa? May ginagawa kayang paraan ang pamahalaan upang matugunan ang mga ito?

Iyong malalaman ang mga kasagutan sa pamamagitan ng pagbabasa at pagsagot sa mga gawain sa modyul na ito.



## ***Subukin***

### **Maramihang Pagpipili**

Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel. Gawin sa loob ng 10 minuto.

1. Kadalasang ito ay nararanasan tuwing tag-init na nagiging sanhi ng pagkatuyo ng mga lupang tinatamnan ng mga magsasaka.
  - A. Kaingin
  - B. La Niña
  - C. El Niño
  - D. Climate Change
2. Alin sa mga sumusunod ang maaaring dahilan kung bakit hindi nakakarating ng sariwa sa palengke ang mga isda at iba pang produkto sa pangangisda?
  - A. Kakulangan sa pondo ng mga kooperatiba
  - B. Maliit na bilang ng mga nagtitinda sa palengke
  - C. Kawalan ng pamasaha sa pagdadala ng mga produkto
  - D. Sira-sira o hindi maayos na daanan na nagpapabagal ng transportasyon papuntang merkado o palengke
3. Ang \_\_\_\_\_ ay ang pagbabago ng klima ng mundo at likas na mga pangyayari tulad ng mga kalamidad na nakaaapekto sa kabuhayan ng mga tao.
  - A. Deforestation
  - B. Blue Revolution
  - C. Climate Change
  - D. Green House Effect

4. Paano magkakaroon ng magandang edukasyon tungkol sa pangkabuhayan sa pangingsda?
- A. Hikayatin na walang mag-aral sa kolehiyo
  - B. Pagtuunan lamang ang mga kursong medikal
  - C. Gumawa ng hakbang na gawing opsyonal ang pag-aaral sa kolehiyo
  - D. Gumawa ng bagong kurikulum para sa mga kurso sa marine at fishing
5. Kung ikaw ay isang Overseas Filipino Worker (OFW), ano kaya ang iyong magandang pagtuunan ng pansin kung ikaw ay may lupang pansakahan?
- A. Magtayo ng kainan o karenderya
  - B. Mamuhunan ng *Buy and Sale*
  - C. Mamuhunan sa pagsasaka at linangin ang mga lupain
  - D. Ibenta ang lupa para gawing *mall* o *department store*
6. Ang paggamit ng dinamita sa pangingsda ay maaring magdulot ng \_\_\_\_\_.
- A. Pagdami ng bilang ng isda sa karagatan
  - B. Pagdami ng mahuhuling isda
  - C. Pagkasira ng mga tahanan ng isda
  - D. Pagpadali ng panghuhuli ng isda
7. Anong paraan ang dapat gawin upang maparami ang ani?
- A. Pag-aaral ng paraan sa pagpaparami ng ani
  - B. Pagtatanim ng mga *hybrid* na pananim
  - C. Paggamit ng mga natural na pataba sa lupa
  - D. Lahat ng nabanggit
8. Ang \_\_\_\_\_ ay dahilan ng pagkalason ng isda at pagiging marumi ng tubig dagat.
- A. Pagtatanim ng mga bakawan
  - B. Pagtatapon ng basura sa mga karagatan
  - C. Pagtatanim ng mga artipisyal na korales
  - D. Pangingsda nang naaayon sa regulasyon

9. Sa anong paraan makatutulong ang pamahalaan upang magkaroon ng puhunan ang mga tao sa kanilang gawaing pangkabuhayan?
- A. Pagpapasara sa mga kooperatiba
  - B. Pagsasawalang kibo sa mga pangangailangan ng mga tao
  - C. Pagpapautang ng may napakataas na interes sa mga tao
  - D. Pagpapahiram ng puhunan ng mga kooperatiba sa mga magsasaka at mangingisda
10. Alin sa mga sumusunod ang dahilan ng pagkakalugi ng mga magsasaka at mangingisda sa pagbebenta ng kanilang produkto?
- A. Kawalan ng kontrol sa presyo ng mga produkto
  - B. Kawalan ng puhunan sa kanilang pagnenegosyo
  - C. Hindi maayos na daanan o sistema ng transportasyon
  - D. Hindi maayos na kagamitan sa pagsasaka at pangangisda



**Aralin****1****Mga Hamong Pangkabuhayan;  
sa Tugon ng Pamahalaan ay  
Mapagtatagumpayan*****Balikan***

Lagyan ng tsek ( / ) ang pahayag na nagpapakita ng tamang pangangasiwa ng likas na yaman at ekis ( X ) kung hindi. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel. Gawin sa loob ng 10 minuto.

1. Pagsusunog ng mga punong kahoy sa lupang pagtaniman o pagkakaingin.
2. Pagtatatag ng mga sentrong kanlungan para sa mga mababangis na hayop.
3. Pagtatapon ng mga basura sa mga anyong-tubig gaya ng ilog at dagat.
4. Pagtanim ng mga punong kahoy sa mga bakanteng lupa.
5. Pagwawalang bahala sa mga batas pangkalikasan.
6. Pangongolekta ng mga endangered species o malapit na maubos na uri ng hayop.
7. Paggamit ng dinamita sa pangingsda.
8. Pagsunod sa programang 5R's o Refuse, Reduce, Reuse, Repurpose, Recycle.
9. Paggamit ng mga organikong pataba para sa pananim.
10. Pagtanim ng puno bilang kapalit sa mga pinutol.



## ***Tuklasin***

### **HANAP SALITA**

Hanapin sa lupon ng mga titik ang tatlong salitang may kaugnayan sa aralin. Isulat ang mga ito sa iyong sagutang papel. Gawin sa loob ng 3 minuto.

H	S	D	E	L	J	O	I	G	D	A
I	A	E	T	H	T	L	O	A	H	E
O	P	O	R	T	U	N	I	D	A	D
H	A	E	O	P	G	T	U	N	M	I
N	R	T	D	T	O	L	O	P	O	L
K	E	U	D	S	N	E	H	J	N	M
O	T	O	D	S	H	Q	G	A	S	G
I	A	S	D	F	S	A	A	S	O	T

May mga nabuo ka bang mga salita?  
Kung Oo ang iyong sagot, magaling!  
Magpatuloy sa iyong pagbabasa at  
alamin ang ating aralin.  
Handa ka na ba? Tara na!






## ***Suriin***

Basahin at unawain ang teksto at ang kaisipang makikita sa grapikong presentasyon. Gawin sa loob ng 10 minuto.

Kilala ang Pilipinas bilang isang agrikultural na bansa. Kung kaya, ang isa sa pangunahing gawaing pangkabuhayan sa bansa ay pagsasaka. Sadyang malawak ang taniman dito. Tinatayang nasa tatlumpu't limang bahagdan ang sinasakang lupain sa Pilipinas.

Ang kabuhayang ito ay mahalaga dahil nagmumula sa lupa ang mga produkto na pangunahing pangangailangan ng tao para patuloy na mabuhay. Kung liliit ang produksiyon, maaapektuhan ang taong bayan at ang bansa. Ayon sa maraming magsasaka, ang uri ng kanilang pamumuhay ay isang tuloy-tuloy na pakikipaglaban sa mga hamong kaakibat ng kanilang hanapbuhay.



Bilang isang kapuluan, ang Pilipinas ay napalilibutan ng tubig kung kaya't napakayaman nito sa mga pagkaing dagat at halamang dagat. Itinuturing ang Pilipinas bilang isa sa pinakamalaking tagatustos ng isda sa buong mundo.

## **PANGINGISDA**

### **HAMON**

1. Maituturing na pinakamalaking hamon sa pangingsda ang climate change o pagbabago ng klima ng mundo at likas na mga pangyayari tulad ng mga kalamidad.
2. Kabilang din sa mga hamon sa gawaing pangkabuhayang ito ay ang mga kalsada, tulay, at iba pang imprastrakturang nagiging dahilan ng mabagal na transportasyon ng mga produktong dagat kung kaya't hindi na sariwa ang mga isdang dumarating sa merkado.
3. Hamon ding maituturing ang pagkasira ng mga tahanan ng mga isda sa ilalim ng dagat at hindi epektibong pangangalaga sa mga yamang dagat lalo na sa mga protektadong lugar.

### **TUGON/OPORTUNIDAD**

1. Pagpapatatag ng Philippine Fish Marketing Authority (PFMA) o mas kilala ngayon sa tawag na Philippine Fisheries Development Authority (PFDA). Ang PFDA ay ahensya ng pamahalaan na naglalayong mapaunlad ang industriya ng pagbibili ng isda sa pamamagitan ng pagpapatayo ng karagdagang daungan o pantalan sa mga istrategikong lugar upang mapalago ang kita at produksiyon.
2. Pagpapatayo ng planta ng yelo at imbakan ng mga isda;
3. Paglalaan ng mga sasakyang gamit sa pangingsda;


4. Pagbili ng mga modernong kagamitan sa pangingsda tulad ng underwater sonars at radars, na mga kagamitang nakatutulong upang mas madaling mahanap ang mga isda sa ilalim ng dagat sa pamamagitan ng tunog.

5. Paggawa ng bagong kurikulum para sa mga kurso sa marine at fishing. Ito ay programa ng paaralan sa kolehiyo na magpapalawak sa kaalaman at kakayahan na mapanatili at mapaunlad pa ang paggamit ng yamang dagat. Ang makabagong karunungan ay makatutulong sa pag-angat ng ekonomiya ng bansa.

6. Paglulunsad ng mga programang makatutulong sa pagpapaunlad ng industriya ng pangingsda tulad ng *Blue Revolution* o Biyayang Dagat na naglalayong matulungan ang mga mangingsda sa pamamagitan ng pagpapautang ng puhunan na maari nilang gamitin sa kanilang hanapbuhay. Kasama rin sa programa ng Biyayang Dagat ang pananaliksik at pinalawak na paglilingkod, pagbibinhi at pagpapaunlad ng palaisdaan, pagsasalata at paglalagay ng mga tinggalan ng huling isda at pagpapalawak ng pamilihan.

7. Pagkakaroon ng mga kooperatibang naglalayong masuportahan ang maliliit na mangingsda sa pamamagitan ng pagpapahiram ng pera bilang puhunan sa kanilang hanapbuhay.

Pinagkunan: Ma. Corazon V. Adriano, Marian A. Caampued, Charity A. Capunitan, Walter F. Galarosa, Noel P. Miranda, Emily R. Quintos, Belen P. Dado, Ruth A. Gozun, Rodante S. Magsino, Maria Lucia L. Manalo, Jose B. Nabaza, Evelyn P. Naval, Araling Panlipunan – Ikaapat na Baitang, Unang Edisyon 2015 Kagamitan ng Mag-aaral, Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS), pp.164-170





## Pagyamanin

**GAWAIN 1: # FILL IT UP.** Unawain ang hinihinging kasagutan sa graphic organizer. Kopyahin ito sa sagutang papel at isulat ang titik ng tamang sagot mula sa mga pagpipilian sa loob ng kahon. Gawin sa loob ng 7 minuto.

- A. mga sakuna sa dagat
- B. pagkakaroon ng mga modernong kagamitan tulad ng underwater sonars at radars
- C. suliranin sa irigasyon
- D. El Niño phenomenon
- E. pagpapatayo ng mga bagong pantalan
- F. makabagong teknolohiya sa pagsasaka
- G. pagdami ng mgaangkat na produktong agrikultural
- H. bagong pag-aaral tungkol sa pagpaparami ng ani
- I. pagkasira ng tahanan ng isda
- J. programang Blue Revolution at Biyayang Dagat
- K. paghihikayat sa mga OFW na mamuhunan sa pagsasaka
- L. pagkasira ng mga korales sa dagat

Isulat sa ugat ng puno ang mga HAMON sa pangkabuhayang pagsasaka at sa dahon naman para sa oportunidad o tugon ng pamahalaan. Hanapin ang iyong sagot sa kahon na nasa itaas.

Isulat sa itaas na bahagi na tinik ng isda ang mga HAMON sa pangkabuhayang pangingsida at sa ibabang bahagi naman para sa oportunidad o tugon ng pamahalaan. Hanapin ang iyong sagot sa kahon na nasa itaas.



## GAWAIN 2: TAMA O MALI

Basahin at unawain ang mga pahayag at isulat ang **TAMA** kung may katotohanan ang sinasabi nito at **MALI** naman kung hindi. Gawin sa loob ng 5 minuto.

- \_\_\_\_\_ 1. Ang Pilipinas ay isang arkipelago kung kaya't isa sa pangunahing hanap-buhay ng mga tao ay ang pangingisda.
- \_\_\_\_\_ 2. Ang mga Pilipino ay walang suliraning pangkabuhayan.
- \_\_\_\_\_ 3. Dahil sa pagkasira ng mga korales, nababawasan ang huling isda sa bansa.
- \_\_\_\_\_ 4. Hindi tinutugunan ng pamahalaan ang mga suliraning pangkabuhayan ng mga tao.
- \_\_\_\_\_ 5. Sa pamamagitan ng teknolohiya, mapaparami ang ani ng mga magsasaka.

## GAWAIN 3: WORD COMPLETION

Punan ang kahon ng nawawalang titik upang mabuo ang inaasahang sagot sa bawat bilang. Gawin sa loob ng 5 minuto.

1. Ito ang pangunahing hanap-buhay ng mga taong malapit sa dagat.

P		N	G			G	I		D	
---	--	---	---	--	--	---	---	--	---	--

2. Ito ay mahabang panahon ng tag-init kaya natutuyo ang mga sakahan.

E		-		Ñ	
---	--	---	--	---	--

3. Ito ang pangunahing hanapbuhay sa bansa na patunay na isang agrikultural na bansa ang Pilipinas.

		G		A	S		K	
--	--	---	--	---	---	--	---	--

4. Ito ang kinakaharap na isyu sa gawaing pangkabuhayan ng bansa.

	A		O	
--	---	--	---	--

5. Ito ang tulong ng pamahalaan upang makatugon sa suliraning pangkabuhayan.

O	P		R		U		I		A	D
---	---	--	---	--	---	--	---	--	---	---

Nagustuhan mo ba ang iyong mga ginawa sa bahaging Pagyamanin?

Ngayon naman ay gawin ang susunod na gawain sa ibaba. Handa ka na ba? Magsimula ka na!



### ***Isaisip***

Kumpletuhin ang talata sa pamamagitan ng pagsuplay ng salitang nawawala. Isulat ang sagot sa sagutang papel. Gawin sa loob ng 5 minuto.

Kilala ang \_\_\_\_\_ bilang isang \_\_\_\_\_ na bansa.

Dalawa sa pangunahing gawaing pangkabuhayan ng bansa, ang \_\_\_\_\_ at \_\_\_\_\_.

Ang mga gawaing \_\_\_\_\_ ito ay nakararanas ng iba't ibang \_\_\_\_\_ na dapat malagpasan at mga \_\_\_\_\_ na makatutulong para higit na mapaunlad ang \_\_\_\_\_ ng bansa.





## ***Isagawa***

Ngayon naman ay subukin ang iyong galing sa pamamagitan ng pagbigay ng suhestiyon upang matugunan ang mga hamong pangkabuhayan sa Pilipinas. Paghusayan mo!



Punan ang talahanayan ng mga posibleng solusyon sa mga hamong pangkabuhayang kinakaharap ng ating bansa. Gawin sa loob ng 10 minuto.

<b>Mga Hamon</b>	<b>Posibleng Solusyon</b>
Tagtuyot sa Panahon ng Pagtatanim	
Pagdating ng hindi sariwang isda sa mga palengke	
Climate Change	
Kaunting inaaning palay	
Kawalan ng puhunan ng mga magsasaka at mangingisda	



## ***Tayahin***

### **GAWAIN A**

Basahin at unawain ang mga katanungan. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat ito sa iyong sagutang papel. Gawin sa loob ng 5 minuto.

1. Paano matutugunan ang suliranin sa patubig ng mga sakahan sa bansa?
  - A. Umasa sa tubig ulan para makapapagtanim.
  - B. Magtanim lamang sa lugar na may suplay ng tubig
  - C. Pagpapatayo ng pamahalaan ng mga irigasyon para sa mga lupang sakahan.
  - D. Hikayatin ang mga magsasaka na magtayo ng sariling patubig para sa sakahan.
2. Ano ang dahilan sa pagkakaantala ng pagdating ng mga isda sa palengke na dahilan ng pagiging bilasa nito?
  - A. Mahabang panahon ng tagtuyo
  - B. Paggamit ng tamang paraan ng panggingisda
  - C. Walang masasakyan ang mga mangingisda
  - D. Kawalan ng maayos na daanan o imprastruktura upang makarating ng maayos at maaga ang mga isda sa palengke
3. Anong paraan ang maaaring gawin upang maparami ang ani ng mga magsasaka?
  - A. pagpapatayo ng mga kooperatiba
  - B. pagpapautang ng puhunan sa mga magsasaka
  - C. pagsunod sa programa tungkol sa pagtatanim
  - D. pagbibigay ng impormasyon at pag-aaral sa tamang paraan ng pagsasaka

4. Ang mga sumusunod ay paraan ng panghuhuli ng isda sa dagat. Isa sa mga ito ay ang dahilan ng pagkasira ng tahanan ng mga isda sa ilalim ng dagat. Alin ito?
- A. Paggamit ng bingwit sa panghuhuli ng isda
  - B. Paggamit ng tamang sukat ng lambat sa panghuhuli ng isda
  - C. Paggamit ng dinamita upang mas maraming isda ang mahuli
  - D. Paggamit ng underwater sonar at radars sa paghahanap ng isda
5. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang nagsasabi ng katotohanan tungkol sa gawaing pangkabuhayan ng Pilipinas?
- A. Mayayaman ang mga magsasaka at mangingingisda sa bansa.
  - B. Hindi natutugunan ng pamahalaan ang pangangailangan ng mga mamamayan.
  - C. May kinakaharap na hamon sa gawaing pangkabuhayan ang bansa, may tugon dito ang pamahalaan at may ibinibigay na oportunidad.
  - D. Nangunguna ang Pilipinas sa pangkabuhayang pangingingisda at pagsasaka sa buong Asya kaya't walang hamong nararanasan ang mga mamamayan.

## GAWAIN B

Pagtapatin ang Hanay A (HAMON sa gawaing pangkabuhayan) sa Hanay B (TUGON / OPORTUNIDAD na ibinibigay ng pamahalaan). Gawin sa loob ng 5 minuto.

### A. HAMON

1. kawalan ng puhunan
2. kaunting huling isda
3. kawalan ng kaalaman sa tamang pagtatanim
4. pagkasira ng tahanan ng isda
5. di sapat na patubig sa sakahan

### B. TUGON/OPORTUNIDAD

- A. pagbabantay ng mga Bantay-Dagat
- B. pagpapatayo ng irigasyon na magbibigay patubig sa mga sakahan
- C. pagpapautang ng mga kooperatiba na may mababang interes
- D. paggamit ng *Underwater Sonar at Radars* sa pangigisda
- E. pag-aaral at pananaliksik sa tamang paraan ng pagsasaka



## ***Karagdagang Gawain***

Kumusta ang iyong nakuhang iskor sa Pagtataya? Nasiyahan ka ba sa iyong mga ginawa sa araling ito?

Narito ang inihandang gawain para mapaunlad pa ang iyong kaalaman tungkol sa aralin.



Ano ang pangunahing hanapbuhay sa inyong pamayanan?

Ito ba ay pagsasaka o pangingisda?

Kung ano man ang iyong sagot, gawin itong gabay sa pagsagot sa susunod na gawain.

Magtanong sa inyong magulang o tao sa inyong komunidad tungkol sa HAMON o SULIRANIN sa kanilang kabuhayan at ang naging tugon nila o tulong na naibigay sa kanila ng pamahalaan upang sila ay matulungan.

Punan ang talahanayan na nasa ibaba. Gawin sa loob ng 10 minuto.

<b>GAWAING PANGKABUHAYAN (PAGSASAKA o PANGINGISDA)</b>	
<b>HAMON</b>	<b>TUGON/OPORTUNIDAD</b>



## Susi sa Pagwawasto

<p><b>SUBUKIN</b></p> <p>1. C 2. D 3. C 4. D 5. C</p> <p>6. C 7. D 8. B 9. D 10. A</p> <p><b>BALIKAN</b></p> <p>1. EKIS (X) 6. EKIS (X) 2. TSEK (/) 7. EKIS (X) 3. EKIS (X) 8. TSEK (/) 4. TSEK (/) 9. TSEK (/) 5. EKIS (X) 10. TSEK (/)</p> <p><b>TUKLASIN</b></p> <p>HAMON TUGON OPORTUNIDAD</p> <p><b>Pagymanin</b></p> <p><b>GAWAIN 1</b></p> <p>DAHON - FHK UGAT - CDG AIT ITAAAS NA TINIK - AIL IBABANG TINIK - BEJ</p>	<p><b>Pagymanin</b></p> <p><b>GAWAIN 2</b></p> <p>1. TAMA 2. MALI 3. TAMA 4. MALI 5. TAMA</p> <p><b>GAWAIN 3</b></p> <p>1. PANGINGSIDA 2. EL NINO 3. PAGSASAKA 4. HAMON 5. OPORTUNIDAD</p> <p><b>ISAISIP</b></p> <p>Kilala ang Pilipinas bilang isang agrikultural na bansa. Dalawa sa Pangunahing gawain pangkabuhayan ng bansa ang pagsasaka at pangingisda.</p> <p>Ang mga gawain pangkabuhayang ito ay nakataramas ng ibat ibang hamon na dapat malagpasan at mga oportunidad na makatutulong para higit na mapunlad ang ekonomiya ng bansa.</p>	<p><b>ISAGAWA</b></p> <p>Answers may Vary</p> <p><b>TAYAHIN</b></p> <p><b>GAWAIN A GAWAIN B</b></p> <p>1. C 2. D 3. D 4. C 5. C</p> <p>1. C 2. D 3. E 4. A 5. B</p> <p><b>KARAGDAGANG</b></p> <p><b>GAWAIN</b></p> <p>Answers may Vary</p>
---	--	--

## ***Sanggunian***

Ma. Corazon V. Adriano, Marian A. Caampued, Charity A. Capunitan, Walter F. Galarosa, Noel P. Miranda, Emily R. Quintos Belen P. Dado, Ruth A. Gozun, Rodante S. Magsino, Maria Lucia L. Manalo, Jose B. Nabaza, Evelyn P. Naval, *Araling Panlipunan – Ikaapat na Baitang, Unang Edisyon 2015 Kagamitan ng Mag-aaral*, Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS), pp.164-170

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)